REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

KAPASIYAHAN BILANG 90-134

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKAROON NG SARILING "MOTORPOOL" ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA. AT BILHIN ANG LAHAT NG KAUKULANG KAGAMITAN PARA DITO.

---

SAPAGKAT, ang anumang gamit o kasangkapan ng Pamahalaang Bayan ay dapat pag-ingatan at pangalagaan ng husto dahil ito'y pag-aari ng bayan (namumuwisan);

SAPAGKAT, ang mga sasakyan ay mainam na gamit upang mapabilis ang mga serbisyo at mapaglingkuran ng husto ang mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang anumang sira sa sasakyan na nagsisimula pa lamang ay mabibigyan kaagad ng kaukulang lunas upang hindi na lumala at pagkagastusan pa ng malaki sa pagkukumpuni nito kung may motorpool;

SAPAGKAT, higit na tatagal ang buhay ng sasakyan kung mayroong mangangalaga dito at magagawa lamang ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling motropool;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magkaroon ng sariling motorpool ang Pamahalaang Payan ng Muntinlupa at napagpasiyahan pang muli na bilhin ang lahat ng kaukulang kagamitan para dito.

PINAGTIBAY NG MAS NAKARARAMING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN ng Muntinlupa sa kanilang pang 92 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-5 ng Pebrero, 1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:
RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

---

INISPONSOR ni Kgg. NEMESIO O. MOZO

SINANG-AYUNAN NINA:

| | |
|---|---|
| Kgg. CARLO G. TENSUAN | Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ |
| Kgg. REY E. BULAY | Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO |
| Kgg. ROMAN E. NIEFES | Kgg. NEMESIO O. MOZO |
| Kgg. RUFINO B. JOAQUIN | Kgg. ROGER C. SMITH |
| Kgg. NOLASCO L. DIAZ | Kgg. VICENTE YU CHUA |

HINDI DUMALO : KGG. EPIFANIO A. ESPELETA